PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 09 APRIL 25 - MAY 1, 2022 10.00

# Residual Plastics Collection and Co-processing of General Trias LGU in partnership and collaboration with Plastic Credit Exchange (PCEx)

**Visitation and Storage Inspection with posted advertisement materials in Barangay Bacao II and Barangay Pasong Kawayan II for the implementation of Aling Tindera's Plastic Waste-to-Cash Program in partnership and collaboration with Plastic Credit Exchange and HOPEx ENVIRONMENT GROUP, INC. (PLASTIC CREDIT EXCHANGE) conducted by our Supervising Environmental Management Specialist, Head of CENRO-Environmental Protection and Pollution Control Division and our Manila Bay and Pollution Control Programs Focal Person Engr./EnP. Sherwin Valeroso together with Mr. Ruel Rios (CENRO-EPPCD Technical Staff) and Mr. Eduardo Alzate (City Health Office- Sanitation Inspector IV).**

The Plastic Credit Exchange (PCEx) are building a network of sari-sari store owners they partner with on a PLASTIC waste-to-cash program.

The City of General Trias is the FIRST LGU in the whole Province of Cavite to partner with PCEx and implement such significant program that will address Solid Waste Disposal Problem in our city and community.




Our sincerest gratitude to all Gentriseños and to our great leaders in the City Government of General Trias in the full support and prioritization of different Environmental Management Programs and Manila Bay Clean-up, Rehabilitation and Preservation Program Implementation in the whole City of General Trias:

Congressman Jon-Jon Ferrer

Mayor Atty. Ony Ferrer

Vice-Mayor Morit Sison

Committe Chair on Environment and Health City Councilor Atty Kristine Perdito-Barison

Konsi Jonas Glyn Porto Labuguen Jonas Glyn Porto Labuguen

Liga ng Barangay President Kap Alfred Ching

SK Federation Council President Engr. Reienel Ferrer

Association of Barangay Secretaries President Sec. Rose Loren

CLGOO Sir Ronald Mojica

DILG Manila Bay Clean-up, Rehabilitation, and Preservation Program

CENRO General Trias

City Government of General Trias

Ms. Nanette Medved-

# Libreng job training para sa mga residente, hatid ng General Trias 'Start a Job' program

GENERAL TRIAS, Cavite (PIA) — Magkakaroon na ng mas maraming oportunidad upang makapagtrabaho ang mga residente sa lungsod ng General Trias, sa tulong ng lokal na pamahalaan.

Ito ay matapos simulan ng General Trias Public Employment Services Office (PESO) ang 'Start at Job' program na layuning tulungan ang mga aplikanteng makapaghanda sa mga trabahong nais nilang pasukan.

Bukod sa mga bagong kasanayan, magbibigay rin ang pamahalaang lungsod ng allowance sa mga benepisyaryo ng program.

Nakipag-ugnayan rin ang General Trias PESO sa iba't ibang kumpanya upang makapagbukas ng job fair na ekslusibo sa mga residenteng sumailalim sa nasabing training program.

Sa pabatid ng General Trias PESO, inabisuhan nito ang mga interesadong aplikante na makipag-ugnayan sa kanilang tanggapan hanggang Abril 22 at i-sumite ang mga kaukulang dokumento gaya ng resume, birth certificate, at barangay clearance. — Patricia Bermudez, PIA 4A









ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0936-0582240 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## FREE LATE BIRTH REGISTRATION para sa mga Imuseñong nasa marginalized sectors: Muslim Filipinos, indigenous people, at nasa poorest sector.

Basahin ang nilalaman ng post para magabayan ang inyong pagkuha libreng late birth registration.

1. MAG-FILL UP NG PSA APPLICATION FORM - BIRTH CERTIFICATE

Kumuha ng PSA application form mula sa inyong barangay o opisina ng Imus City Civil Registrar (CCR), o mag-download mula sa website ng PSA o Facebook page ng CCR. Punan ito ng detalye, at maaaring ipasa sa barangay, sa CCR, o sa email sa ccro.imus@gmail.com.

2. VALIDATION

Susuriin kung ikaw ay walang record ng kapanganakan.

3. IHANDA ANG REQUIREMENTS

Kapag ikaw ay walang record ng kapanganakan, maghintay ng abiso mula sa CCR o sa inyong barangay para sa schedule ng interview at ihanda ang mga requirements.

4. REQUIREMENTS

-Baptismal certificate

-Medical record

-Marriage contract ng mga magulang

-Kung minor at hindi kasal ang mga magulang, isama ang mga magulang sa interview

-Affidavit of two witnesses: maaaring magpagawa sa CCR

-School records o anumang patunay ng kapanganakan sa Imus

-Barangay certificate of residency: kung hindi ipinanganak sa Imus

5. INTERVIEW

Pumunta sa itinakdang schedule para sa interview at pagpasa ng requirements.

6. Hintayin ang abiso sa pagtanggap ng libreng kopya ng inyong birth certificate.

Makipagugnayan lamang po sa tanggapan ng ating CCR para sa inyong mga katanungan.

#SerbisyongMaliksi

#BukludFilipino




# EDITORYAL - Masisira na naman ang Boracay

Dumagsa ang mga turista sa Boracay noong Mahal na Araw. Imagine, ang dapat na kapasidad lamang ng Boracay ay 19,000. Pero lampas-lampas ang dami ng mga nagtungo roon. Sa report ng Malay Tourism Office sa Department of Tourism, umabot sa 21,252 ang bumisita sa Boracay noong Huwebes Santo at noong Biyernes Santo, umabot sa 22,519. Dahil dito binalaan ni Tourism Sec. Berna Romulo Puyat ang local government ng Malay, Aklan. Ayon kay Romulo Puyat, ang DILG ang mag-iisyu ng warning laban sa local government ng Malay.

Isa sa pinangangambahan ngayon ay ang muling pagdami ng COVID-19 cases dahil sa pagdagsa ng mga turista. Bagama't pawang mga bakunado ang pinapasok sa Boracay, naghahatid ng pangamba ang sobrang tao sa resort. Nagbabala ang World Health Organization (WHO) kamakailan na posibleng sa katapusan ng Mayo ay magkakaroon ng surge dahil sa pagdagsa ng mga tao sa probinsiya noong Mahal na Araw at idagdag pa ang kampanya ng mga kandidato para sa May 9 elections. Paalala ng WHO, ipatupad ang health protocols.

Bukod sa posibleng pagkalat ng virus, ang pagkasira rin naman ng Boracay ay isa rin sa pinanga-ngambahan. Kung hindi mapipigil ang dagsa ng tao roon, muling babalik ang maruming Boracay na minsang tinawag ni President Duterte na "cesspool". Ang kahulugan ng "cesspool" ay poso-negro. Ipinasara ng presidente ang Boracay noong 2018 sa loob ng anim na buwan.

Maraming establisimento sa Boracay ang lumabag sa environmental laws. Sa 562 establisimento na ininspeksyon ng DENR, 161 ang lumalabag. Ang mga ito ay walang water waste treatment facility kaya ang dumi ng tao ay derektang iniluluwa sa dagat. Lahat nang klase ng dumi mula sa resort ay itinatapon sa dagat. Pati ang mga basura sa paligid ng resort ay nagkalat din kaya sinampahan na ang mga establisimento nang paglabag sa Clean Water Act at Clean Air Act.

Ngayon dahil sa hindi na namang mapigilan na pagdagsa ng tao, asahan na tatawagin na namang "cesspool" ang Boracay. Pagpaliwanagin ang LGU ng Malay kung bakit hindi nila ipinasusunod ang tamang kapasidad ng resort. Kailangan bang ipasara uli ito para lamang matuto?

Hindi lamang pagdami ng COVID ang pinanga-ngambahan ngayon sa pagdagsa ng mga turista kundi ang dumi na kanilang iiwan sa Boracay. Huwag hayaang masira muli ang Boracay.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPERPh MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

DIOSAN MARUAL

KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.

## GUHIT NG KAPALARAN

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Maging alerto sa paligid kung nasa labas ng bahay. Kailangan ang lubos na pag-iingat sapagkat maaaring mawalan ka ng gamit. Ilagay lagi sa isipan ang mga mahahala-gang bagay upang ito ay hindi makalimutan o maiwaglit. Lucky numbers at color for the day ang 4, 9, 13, 28 at white.

GEMINI : (May.21-Hun. 21) Ang kaunting suliranin sa negosyo o hanap-buhay kung hahayaan, maaa-ring maglaho na parang bula. Maging maagap. Lucky numbers at color for the day ang 4, 18, 29, 38 at sapphire blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Masigla ang katawan kung patuloy ang disiplina sa sarili. Ang per-sonal na suliranin ay may katapat na solu-syon. Lucky numbers at color for the day ang 21, 29, 36, 38 at pink.

LEO : (Hul. 23-Ago. 22) Pigilan ang sarili dahil magiging mainit sa pag-ibig. Makakabuti na huwag magpadalos-dalos. Lucky numbers at color for the day ang 2, 19, 27, 32 at tangerine.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Malamang may 'di inaasahang panauhin na hihingi ng tulong, ngunit hindi kayang paunlakan. Huwag basta magtiwala. Lucky numbers at color for the day ang 19, 21, 31, 41 at dollar green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Iwasan ang maging masalita at baka makasagupa ng katapat. Maaa-ring makatagpo ng taong madaling mag-init ang ulo. Lucky numbers at color for the day ang 21, 23, 24, 34 at ma-genta.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Kung may dinaramdam, tiyakin na makapag-patingin kaagad sa doktor. Iwasan matuyuan ng pawis. Lucky numbers at color for the day ang 6, 21, 33, 35 at indigo.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Isang mahalagang kasunduan ang maaaring magawa. Kakailanganin ang ibayong pag-iingat lalo na sa negosyo. Lucky numbers at color for the day ang 4, 10, 37, 42 at jade green.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Maging matatag, harapin ang katotohanan. Huwag iwasan ang res-ponsibilidad na naka-atang sa balikat. Lucky num-bers at color for the day ang 2, 5, 25, 42 at cannary yellow.

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) Ituloy ang mga gawain sa kabila ng mga hadlang. Ang maging maagap ay may dulot na pakinabang. Lucky numbers at color for the day ang 14, 26, 37, 40 at royal blue.


PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Paglabanan ang tukso, sapagkat alam ng sarili na may kakapusan sa pera. Matutulungan ka ng isang kaibigan. Lucky numbers at color for the day ang 3, 4, 31, 39 at emerald green.

ARIES: ( Mar. 21-Abr. 19) Maaaring hihingi ang katawan ng paglilibang. Paglabanan ang masamang bisyo, kung ayaw na magipit sa pera. Lucky numbers at color for the day ang 6, 8, 10, 14 at platinum pink.






# Life on other planets? Jupiter's moon Europa prime candidate



*HOUSTON, Texas – Are there life forms on other planets beyond Earth? Scientists believe the answer could be found on Jupiter's moon, Europa, according to research published Tuesday by nature.com.*

The evidence lies in Greenland.

"Double ridges are the most common surface feature on Europa and occur across every sector of the moon," according to the paper published by Stanford University researchers, Riley Culberg, Dustin Schroeder and Gregor Steinbrugge, in which they compare "a double ridge in Northwest Greenland with the same gravity-scaled geometry as those found on Europa."

"Jupiter's moon Europa is a prime candidate for extraterrestrial habitability in our solar system," it said. "The surface landforms of its ice shell express the subsurface structure, dynamics, and exchange governing this potential."

Researchers used surface elevation and radar sounding data to show the "double ridge was formed by successive refreezing, pressurization, and fracture of a shallow water sill within the ice sheet" and "that shallow liquid water is spatially and temporally ubiquitous across Europa's ice shell."

The topographical makeup of Europa was previously retrieved by surface morphologies imaged by NASA's Voyager and Galileo spacecraft.

"These ridges may extend for hundreds of kilometers and include some of the oldest features visible on the surface, with frequent cross-cutting implying numerous formation cycles over Europa's history," according to the data.

Scientists are captivated by Europa's topography being similar to that of Greenland's makeup because of "an icy double ridge discovered on the Greenland Ice Sheet with the same gravity-scaled geometry as Europa's double ridges."

The double ridge on Earth, which scientists used to make comparisons to Europa, is located 37 miles (60 kilometers) inland of the ice-sheet margin in Northwest Greenland, which covers 629,346 square miles (1.63 million square kilometers). (Anadolu)

# Unmotivated to study: Covid-19 negative impact on schoolchildren

ISTANBUL – The Covid-19 epidemic is having a negative impact on people's daily lives, with the latest study in Japan revealing that more schoolchildren are disinclined to study.


A survey of 10,000 schoolchildren up to high school grades conducted last year showed that a record 54.3 percent of students "lacked motivation to study," Kyodo News reported on Wednesday.

The joint study was carried out by the Benesse Educational Research and Development Institute and the Institute of Social Science at the University of Tokyo.

The latest figure was up from 45.1 percent in 2019, the year before the pandemic and 50.7 percent in 2020 after Covid-19 broke out.

Japan has been conducting such surveys since 2015.

The researchers reached out to the students through mails and other means between July and September last year.



Kaoru Sato, a sociology professor at the university, said: "Covid-19 has limited their interaction and the leisure activities they do together, while (restrictions such as) eating silently during lunch have taken the fun out of school life."

While the pandemic had an impact on group studies as the number of students reduced, it also led to an increase in the proportion of students taking lessons using computers or computer tablets, which rose to 80.1 percent in 2021, up from 54.5 percent in 2019.

Ever since the pandemic broke in December 2019, Japan did not impose a complete lockdown in the country. It only imposed a quasi-state of emergency several times, empowering local governorates in its 47 provinces, including the capital Tokyo, to reduce working hours to stem the spread of the infection.

The country of over 126 million people has reported 7.4 million Covid-19 cases and over 29,150 deaths. (Anadolu)




# DOH Calabarzon readies 'navigators' of health for deployment to communities

The Department of Health Center for Health Development – Calabarzon recently concluded its pre-deployment orientation for health workers hired under the Human Resources for Health (HRH) Deployment Program to boost the delivery of quality health services in the region.

Said orientation highlighted the roles of doctors, nurses, medical technologists, pharmacists, nutritionists, dentists, and midwives who will support the fulfillment of the Universal Health Care Law objectives and the ongoing immunization programs.

Regional Director Ariel I. Valencia cited the urgency of a much more robust health workforce for implementing public health and improving delivery service networks in the community to ensure the success of the UHC amid the ongoing COVID-19 Pandemic.

"Kayo na mga HRH ang magsisilbing navigator sa paghahatid ng mga kinakailangan na serbisyong pang-kalusugan sa mga nangangailangan sa komunidad. Pagsilbihan ninyo sila ng buong tapat at dedikasyon at tiyakin na ang serbisyong inyong ipagkakaloob ay maramdaman ng lahat, walang maiiwan na siyang pangunahing layunin ng Universal Health Care Act," Director Valencia stressed in his speech.

He also emphasized their role as communicators in the community, especially in the areas with low vaccine and booster coverage.

As part of the National COVID-19 Vaccine Deployment and Vaccination Program, the National Government sought to mobilize all workforce and logistics to facilitate the vaccination of eligible individuals who remain unvaccinated despite the adequate supply of COVID-19 vaccines.

"Maging health advocate tayo sa komunidad at mag-generate tayo ng demand para sa bakuna para mas marami sa komunidad ang ma-enganyo na magpabakuna at maiwasan natin ang pagkalat hindi lamang ng COVID-19 kundi maging ng mga vaccine preventable diseases," Valencia added.

The HRH personnel will be assigned to rural health units to fill in the need for health staff, primarily in the marginalized and underserved areas and Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs).

A total of 171 health workers under the HRH program are currently serving under the Contract with Ap

# LTFRB, NILINAW ANG PAGPAPATUPAD NG BAGONG 'WINDOW HOUR SCHEME' SA ILANG PROVINCIAL BUS OPERATORS

Naglabas ng pahayag ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) kaugnay sa pagpapatupad ng bagong window hour scheme sa mga provincial buses sa NCR na siyang ikinadismaya ng maraming pasahero.



Batay sa window scheme, magiging limitado na operational hours ng mga bus operators simula alas-10 ng gabi hanggang alas-5 ng umaga.

Binigyang-linaw ito ng ahensya matapos makatanggap ng kabikabilang reklamo tungkol sa dami ng pasarehong nastranded sa unang araw ng pagpapatupad nito.

Ayon sa LTFRB, hindi umano nangangahulugan na ang mga provincial buses ay mag-ooperate lamang tuwing gabi.

Maaari lamang umanong gamitin ng mga pasahero ang mga pribadong terminal simula alas-10 ng gabi hanggang alas-5 ng umaga ngunit kapag lumampas na mga nakatakdang oras, kinakailangan na nilang magtungo sa mga terminal kung saan mayroong mga city buses tulad na namang PITX, NLEX at SRIT.

Mayroon ding ipinagkaloob na permit to operate ang LTFRB sa mga provincial buses upang makapaghatid ng mga pasareho sa anumang oras ng pangangailangan.

Source: Radyo Pilipinas

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 09 APRIL 25 - MAY 1, 2022 10.00

# LIBO-LIBONG BALOTA PARA SA DARATING NA ELEKSYON, SINIMULAN NANG IPAMAHAGI

Nagsimula na ang deployment ng mga opisyal na balota nitong Martes ng gabi, Abril 19, 2022 na siyang gagamitin sa iba't ibang siyudad at lalawigan sa bansa ngayong darating na halalan 2022.



Ayon sa COMELEC, kasama na ring ibabyahe mula sa COMELEC warehouse ang ilang mga election supplies na dadalhin na rin sa iba't ibang municipal treasurer's office upang doon pansamantalang itago bago dalhin sa mga presinto sa mismong araw ng eleksyon.

Upang matiyak ang seguridad ng nasabing mga balota, kasama ng COMELEC ang mga pulisya at militar sa loading at sealing ng mga ito.

Siniguro naman ng Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV) ang kanilang pag-alalay sa mga container van mula sa pag-alis nito sa warehouse hanggang sa destinasyon nito.

"Harinawa, ang ating dasal walang mangyayaring aberya, walang mangyayaring ano mang mga uri ng kapahamakan o hindi magagandang bagay along the way," pahayag ni Arwin Serrano mula sa PPCRV.

Sakaling maipit man daw sa barko o magkaroon ng 'di inaasahang pangyayari sa mga barko, mayroon na umanong nakahandang contigency plan ang COMELEC.

"We still have elbow room to reach the destination within the period of the elections," ani Commissioner Aimee Ferolino.

Simula ngayong araw, Abril 20, araw-araw nang magdidispatch ang COMELEC ng mga balota na dadalhin sa iba't ibang rehiyon sa bansa habang sa darating na Mayo 4 at 5 naman ang nakatakdang deployment ng mga official ballots sa mga siyudad at munisipalidad sa NCR.

